



Ang proyektong ito ng Lungsod na kinalalahukan ng iba't ibang ahensya ay isang muling pagdisenyo upang mabago ang pinakamataong lugar ng mga naglalakad, nagbibisikleta, at pampublikong sasakyan sa San Francisco. Ang Better Market Street, na nagsisimula mula Steuart Street hanggang Octavia Boulevard, ay yugto-yugtong gagawin upang isulong ang kaligtasan para sa mga bumabiyahe sa Market Street, pabutihin ang pampublikong transportasyon, at gumawa ng masigla at inklusibong destinasyon kung saan gustong tumira, magtrabaho, at bumisita ng mga tao.

Ano ang Dapat Asahan



Isang mas ligtas na kalsada na natutugunan ang mga kinakailangan para sa pagkilos at madaling paggamit ng lahat



Isang protektadong daanan ng bisikleta na kapantay ng bangketa



Pinabuting serbisyo ng pampublikong transportasyon para sa mga bus at makasaysayang F Market streetcar



Isang masiglang kalsada na may mga bagong kagamitan, halaman at pampublikong sining



Pagbabago at pagpapalit ng nalulumang impraestruktura

Pagpapatupad ng Proyekto

- Sertipikasyon ng Environmental Impact Report (Ulat ng Epekto sa Kapaligiran) at mga pag-apruba sa proyekto: Nakumpleto noong taglagas ng 2019
- Vision Zero Quick Build, kabilang ang mga nalalapit na paghihigpit sa mga pampublikong sasakyan at mga linyang para sa Muni lamang, simula Enero 2020
- Unang yugto: Magsisimula ang paggawa sa bahagi ng Market Street sa pagitan ng Fifth at Eighth street sa huling bahagi ng 2020 o sa unang bahagi ng 2021, at kabilang dito ang bagong impraestruktura at ang linya para sa pag-ikot ng F Market streetcar

Pakikilahok ng Komunidad

Nag-organisa ang pangkat ng proyekto ng maraming pampublikong open house at mga nagpapatuloy na pagpupulong sa mga nakaraang taon kasama ang mga negosyo, residente, tagagawa, Community Benefit District (Distrito para sa Benepisyo ng Komunidad), asosasyon ng kapitbahayan, at grupong tagapagtaguyod na kumakatawan sa mga naglalakad, nagbibisikleta, sumasakay sa pampublikong transportasyon, at taong may mga kapansanan. Mayroon din kaming regular na nagpupulong na Community Working Group (Nagtutulungang Grupo ng Komunidad) na matagal nang umiiral at binubuo ng iba't ibang miyembro.

Makipag-ugnayan sa Amin:

e-mail: bettermarketstreet@sfdpw.org
telepono: 415-554-6956

Ang Mga Bilang:

500,000

tao ang naglalakad sa Market Street araw-araw

200

bus bawat oras sa mga pinakamataong oras

650

nagbibisikleta bawat oras sa mga pinakamataong oras

75,000

sumasakay sa pampublikong transportasyon sa ibabaw ng lupa



Mga Linyang para sa Muni Lamang



Mga Paghihigpit sa Sasakyan



Mga Pintadong Lugar Pangkaligtasan

BETTER MARKET STREET Quick Build

Ihahatid ng Better Market Street ang mga pagpapabuti para gawing mas maaasahan ang Vision Zero at Muni sa Market Street nang yugto-yugto sa mga susunod na taon, na magsisimula sa mga pagpapabuti ng Quick Build (Mabilis na Paggawa) ng SFMTA sa Enero 2020.

Kabilang sa mga elemento ng Quick Build ang:

- Pagbabawal ng mga sasakyan sa Market Street mula Steuart hanggang Van Ness sa pakanlurang direksyon at mula 10th hanggang Main sa pasilangang direksyon
- 100 bagong lugar sa mga cross street para sa sakayan ng mga pasahero at para sa pagkakarga ng mga negosyo para magbigay-daan sa ligtas na pagsakay/pagkakarga
- Paghihigpit sa pagsakay sa Market Street sa mga pinakamataong oras para bawasan ang mga problema sa mga taong nagbibisikleta, mga nasa pampublikong sasakyan at sasakyang pangnegosyo
- Pagpapahaba ng mga umiiral na linyang para sa mga pampublikong sasakyan lamang mula Third hanggang Main Street sa pasilangang direksyon — ang bahagi ng Market na may pinakamaraming serbisyo ng pampublikong transportasyon — at pagbabago dito para gawing para sa Muni lamang (hindi na papayagan ang mga taxi at bus na hindi Muni)
- Paglalagay ng mga pintadong lugar pangkaligtasan (safety zone) sa walong interseksiyon para gawing mas ligtas ang pagtawid sa kalsada
- Pagdagdag ng mga pagpapabuti sa mga interseksiyon na daanan ng bisikleta sa Eighth, Page, Battery, at Valencia street
- Mga pagbabago sa mga bahagi ng Ellis, Jones, Second at Steuart street para pabutihin ang kaligtasan at paggalaw ng sasakyan (tingnan ang mapa sa ibaba para sa mga detalye)

Mga pagbabago sa trapiko bilang bahagi ng Quick Build



Pagbabawalan ang mga pribadong sasakyan mula sa pagliko sa o paggamit ng Market Street sa mga lugar na bawal ang sasakyan. Makakatawid pa rin sa Market Street sa mga cross street ang lahat ng sasakyan.